

## HILING NG MAGULANG PARA SA LIKIDONG PAMPALIT SA GATAS PARA SA MGA BATANG NASA EDAD NG PAGPASOK SA PAARALAN

1. Pangalan ng Awtoridad para sa Pagkain ng Paaralan (School Food Authority)	2. Pangalan ng Paaralan:	3. Numero ng Telepono ng Paaralan
4. Pangalan ng Estudyante		5. Edad o Petsa ng Kapanganakan
6. Pangalan ng Magulang/Legal na Tagapatnubay:		7. Numero ng Telepono ( )
<p>8. Walang kapansanan ang estudyanteng nakalista sa itaas, pero humihiling siya ng likidong kapalit ng gatas dahil sa medikal o iba pang espesyal na pangangailangan sa diyeta. Hindi layunin ng form na ito na pagbigyan ang mga estudyanteng umiinom ng likidong kapalit ng gatas, tulad ng soy milk, dahil mas gusto nila ang lasa nito. May kapangyarihang magdesisyon ang Awtoridad para sa Pagkain ng Paaralan na piliin ang espesipikong brand ng kapalit ng gatas dahil kailangang matugunan ng katanggap-tanggap na mga produkto ang mga natukoy na pangangailangan para sa nutrisyon. Hindi puwedeng i-alok ang juice bilang likidong kapalit ng gatas para sa mga estudyanteng may medikal o espesyal na pangangailangan sa diyeta, na <b>hindi</b> naman umaabot sa antas ng kapansanan.</p> <p>Magpapatuloy ang pagpapatupad ng nakasulat na pahayag na ito hanggang sa bawiin ng magulang o legal na tagapatnubay ang gayong pahayag o hanggang sa itigil na ng paaralan ang opsiyon para sa likidong kapalit ng gatas. Hinihikayat ang mga distrito at ahensiyang pampaaralan na lumalahok sa mga pederal na programa para sa nutrisyon na pagbigyan ang mga makatwirang kahilingan, pero hindi itinatakda sa kanila ito. <b>Kailangang pirmahan ang form na ito ng magulang o legal na tagapatnubay ng estudyante.</b></p>		
9. Medikal o iba pang pangangailangan sa diyeta kung saan dapat gumamit ng likidong kapalit ng gatas:		
10. Pangalan ng Magulang/Legal na Tagapatnubay:	11. Isulat sa Malalaking Letra ang Pangalan ng Magulang/Tagapatnubay	12. Petsa

Pakitandaan: Kung kinakailangan, kailangang gawing pinakabago ang impormasyon sa form na ito upang masalamin ang kasalukuyang medikal at/o pangnutrisyon na pangangailangan ng estudyante.

Alinsunod sa Pederal na batas sa mga karapatang sibil at sa mga regulasyon at polisiya sa mga karapatang sibil ng U.S. Departamento ng Agrikultura (Department of Agriculture, USDA), pinagbabawalan ang USDA, ang mga ahensiya, opisina, at empleyado nito, at ang mga institusyong kalahok o nangangasiwa sa mga programa ng USDA sa pagkakaroon ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, kapansanan, edad, o pagganti o paghihiganti dahil sa nakaraang gawain na kaugnay ng mga karapatang sibil, sa anumang programa o aktibidad na isinagawa o pinondohan ng USDA.

Kailangang kontakin ng mga taong may kapansanan at nangangailangan ng alternatibong paraan ng komunikasyon para sa impormasyon tungkol sa programa (halimbawa, Braille, pagkakalimbag sa malalaking letra, audiotape, American Sign Language at iba pa) ang ahensiya (pang-estado o lokal) kung saan sila nag-aplay para sa mga benepisyo. Puwedeng kontakin ng mga indibidwal na bingi, nahihirapan sa pandinig, o may kapansanan sa pananalita ang USDA sa pamamagitan ng Pederal na Serbisyo sa Paghahatid ng Mensahe (Federal Relay Service) sa 800877-8339. Dagdag dito, makakukuha rin ng impormasyon tungkol sa programa sa iba pang wika bukod sa Ingles.

Para mag-file ng reklamo ng diskriminasyon sa programa, kompletuhin ang Form ng USDA para sa Pagreklamo ukol sa Diskriminasyon sa Programa (USDA Program Discrimination Complaint Form, AD-3027) na matatagpuan online sa: [http://www.ascr.usda.gov/complaint\\_filing\\_cust.html](http://www.ascr.usda.gov/complaint_filing_cust.html), at sa anumang opisina ng USDA, o sumulat ng liham na naka-address sa USDA at ilagay sa sulat ang lahat ng impormasyong hinihiling sa form. Para humiling ng kopya ng form para sa pagrereklamo, tumawag sa 866632-9992. Isumite ang inyong nakompleto nang form o sulat sa USDA sa pamamagitan ng koreo: U.S. Department of Agriculture Office of the Assistant Secretary for Civil Rights, 1400 Independence Avenue, SW Washington, D.C. 20250-9410; fax: (202) 690-7442; o email: [program.intake@usda.gov](mailto:program.intake@usda.gov). Naqbibigay ng pantay na oportunidad ang institusyong ito.